Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office

October 31, 2023

DENR-MIMAROPA REGION
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
ORIENTAL MINDORO
PENRO TRACKING NO.
RECEIVED BY:
NOEME P. ALCANCIA
DATE: NOV 10 2023
TIME:

MEMORANDUM

FOR	:	The Regional Executive Director
THRU	:	The In-Charge, PENR Officer
FROM	:	The CENR Officer
SUBJECT	:	**ENDORSEMENT OF MINUTES OF MEETING OF THE FOURTH QUARTER EXECUTIVE COMMITTEE MEETING OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK-PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) ON OCTOBER 25, 2023**

Respectfully submitting the minutes of meeting of Naujan Lake National Park-Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Executive Committee Meeting held on October 25, 2023 at Pula Watershed Conference Room, DENR-CENRO Socorro, Oriental Mindoro.

Attached are photos, attendance sheets and other documents of the said meeting.

For information and consideration of the Regional Executive Director.

RODEL M. BOYLES

Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro
cenrosocorro@denr.gov.ph

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office

October 31, 2023

MEMORANDUM

FOR : The CENR Officer

FROM : The Senior ECOMS/ PASu, NLNP

SUBJECT : **ENDORSEMENT OF MINUTES OF MEETING OF THE FOURTH QUARTER EXECUTIVE COMMITTEE MEETING OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK-PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) ON OCTOBER 25, 2023**

Respectfully submitting the minutes of meeting of Naujan Lake National Park-Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Executive Committee Meeting held on October 25, 2023 at Pula Watershed Conference Room, DENR-CENRO Socorro, Oriental Mindoro.

Attached are photos, attendance sheets and other documents of the said meeting.

For information and consideration of the Regional Executive Director.

RICARDO R. NATIVIDAD

Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro
cenrosocorro@denr.gov.ph

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro

KATITIKAN NG IKA-APAT NA PAGPUPULONG NG NAUJAN LAKE NATIONAL PARK- PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD NA GINANAP NOONG IKA-25 NG OKTUBRE TAONG 2023, SA PAMAMAGITAN NG HYBRID ZOOM MEETING AT HARAPANG PAGPUPULONG SA NAUJAN LAKE NATIONAL PARK - PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE, CENRO SOCORRO, BARANGAY PASI II, SOCORRO, ORIENTAL MINDORO

Mga Dumalo:

1. VICTOR R. ESTRADA, JR. - PCO, DWCC
2. LYDIA MUÑECA S. MELGAR - PPDO, Calapan City (*via Zoom*)
3. MARILYN M. ALCAÑICES - PAgO-Fishery Sector, Calapan City (*via Zoom*)
4. GRACE C. DIAMANTE - Executive Director, MBCFI (*via Zoom*)
5. LORENZO F. CARREON, II - MPDC, LGU-Pola
6. JOSEHARI M. SARABIA - BFAR, MIMAROPA

Mga Hindi Dumalo:

1. RAQUELITA M. UMALI - MGDH-I, LGU-Naujan
2. RACHEL B. MONTERO - SRS II, DOST
3. CESAR P. DELICA - Agriculturist I, LGU-Socorro
4. EnP. CAROLINE G. MANUEL - MPDC, LGU Victoria
5. BERNARDINO A. ATIENZA, JR. - Chief EDS-PDIPBP, NEDA

Resource Speakers/ Mga Panauhin:

1. MA. JOHANNA ENCABO - MBCFI (*via Zoom*)
2. KIMBERLY ANN T. PILONGO - NEDA (*via Zoom*)
3. DEAN ANGELO MOLINA - DENR MIMAROPA (*via Zoom*)
4. ELAINE BALAY - Architecture Student, DWCC (*via Zoom*)
5. KIRBY MERCADO - Thesis Adviser, DWCC (*via Zoom*)
6. JOHN ALBERT M. BARCELONA - DPWH (*via Zoom*)
7. RICHARD CARANDANG - Office of Civil Defense (*via Zoom*)
8. MARCELINO G. SANTOS, JR. - Presenter, Laguna, Naujan Or. Mindoro
9. REYMAR M. MALAPOTE - BFAR, MIMAROPA
10. BEA NATASHA R. FORTU - Forester II, PENRO Oriental Mindoro
11. JYRYX BAGUI - Presenter, Sto. Domingo, Socorro, Or. Mindoro

Secretariat:

1. RICARDO R. NATIVIDAD - Senior ECOMS/PASu, NLNP-PAMO
2. JOSE MARIA M. FONTANILLA - EcoMS II/ APASu, NLNP-PAMO
3. KATHLEEN JANE R. LUGTU - Forest Technician I, NLNP-PAMO
4. MELVIN C. TUNGOL - PSS, NLNP-PAMO

A. Panimulang Gawain

Nagsimula ang pagtatala ng pangalan ng mga dumalo para sa harapang pagpupulong at pagtanggap sa mga nakibahagi sa *video conference via Zoom application* dakong 08:00 ng umaga.

1. Pambungad na Panalangin at pagpapaunlak sa mga dumalo

Pormal na binuksan ang pagpupulong dakong ika-09:43 ng umaga. Pinasinayaan ang itinakdang pagpupulong ng *Executive Committee* PAMB sa pamamagitan ng panalangin at pag-awit ng pambansang awit sa pamamagitan ng mga *video presentation.*

B. Karampatang Pagpupulong

1. Pagkilala sa mga kasaping dumalo at pagtiyak ng Korum

Isa-isang kinilala ni PASu Ricardo R. Natividad ang mga miyembro ng PAMB sa pagpupulong at siniyasat ang bilang ng mga kasapi na dumalo sa harapang pagpupulong at sa *via zoom*, napag-alaman na may anim (6) na miyembro ng PAMB ang nakadalo. Dahil dito, idineklara ni PASu Natividad na nasa kurom ang pagpupulong dahil nakatugon ito sa patakarang 50% + 1 na bilang ng mga dumalo mula sa 11 na opisyal na miyembro ng *Executive Committee* PAMB na nahahayag sa naamyendahang batas ENIPAS, sa ilalim ng Republic Act No. 11038 ng 2018.

2. Pagtawag sa kaayusan ng pagpupulong

Inihain ni PASu Ricardo R. Natividad ng Naujan Lake National Park ang pagbukas ng nominasyon para sa tagapanguna ng pagpupulong. Iminungkahi ni G. Victor Estrada, Jr. ng DWCC na maging tagapanguna ng pagpupulong si G. Lorenzo F. Carreon, II ng LGU Pola at sinang-ayunan naman ito ni G. Josehari M. Sarabia ng BFAR.

Nagpahayag ng pasasalamat si G. Carreon sa pagbibigay sa kanya ng tiwala upang maging tagapanguna ng ginagawang pagpupulong.

3. Pagpapatibay sa Nakahaing Usapin o Agenda (Order of Business)

Inihain ni G. Carreon ang mga usapin sa pagpupulong na mayroong tatlo (3) na nakahanda. Idinagdag sa adyenda ang presentasyon ng isang *5th year Architect Student mula sa* Divine Word College of Calapan patungkol sa kanyang gagawing *thesis project* na may kinalamang sa Naujan Lake National Park. Mayroon ding mungkahi para sa isang PAMB *Clearance* si G. Jyryx Bagui sa naitayong *gas refilling station* sa Barangay Lapog, Socorro at ang usapin tungkol sa request para sa tenurial instrument o kahit anong maaaring panghahawakang dokumento para sa lupang kinatitirikan ngTigbao High School sa Barangay Montelago, Naujan. Idinagdag din sa adyenda ang usapin tungkol sa resolusyon para sa Bird-wartching Tower at Memorandum of Agreement para sa mungkahing pataniman ng mga punong-kahoy na parehong matatagpuan sa Barangay Urdaneta, Victoria. Sa kabuuan magkakaroon ng pitong (7) na adyendang pag-uusapan sa pagpupulong na ito.

Iminungkahi ni G. Estrada ang pag-apruba ng mga adyenda at pinangalawahan naman ni G. Sarabia.

C. Pagtalakay sa mga Nakahaing Usapin o Adyenda *(Order of Business)*

	ADYENDA AT MAGPRIPRESENTA	MGA NAPAG-USAPAN	DESISYON/ NAPAGKASUNDUANG AKSYON
1	Presentasyon ng kahilingan ng PAMB *Clearance* ni G. Marcelino G. Santos, Jr. para sa aplikasyon ng nakatayong *Gas Refilling Station* sa	Ipinakilala ni APASu Jose Maria M. Fontanilla ang magtatalakay ng adyendang ito na si G. Marcelino G. Santos, Jr. Ibinahagi ni G. Santos ang kanyang presentasyon sa pamamagitan ng isang *powerpoint presentation.*	Ang adyendang ito ay nakapasa sa Executive Committee Meeting at muling pag-uusapan sa darating na Regular na pagpupulong na gaganapin sa ika-17 ng Nobyembre taong 2023. Ang mga

	Barangay Laguna, Naujan **G. Marcelino G. Santos, Jr.**	Ipinakita ni G. Santos ang mga dokumentong naipasumite niya sa PAMO. Nabanggit din ni APASu Fontanilla na ang titulong kinakatayuan ng *gasoline station* ay naibigay bago idekla na ang lugar ay isang *Protected Area.* Dagdag niya na hihingan ng panibagong kopya ng *identification card* si G. Santos para maisama sa mga dokumentong naipasa sa PAMO. Naitanong ni G. Estrada kung gaano kalayo ang lugar na pinagtatayuan ng kanilang *gasoline station* at sinagot naman ito ni G. Santos na 160 *meters* mula sa *lakeshore.*	kulang pang mga document ay isusumite ni G. Santos sa PAMO bago ang susunod na pagpupulong PAMB. Mga Naipasang dokumento: - *Letter of Intent* - *Authenticated copy of title* - *1 copy of ID* - *Brgy. Resolution* - *Proof scooping/ community consultation* - *Project Description* Kulang na dokumento: - Isa pang kopya ng ID
2	*Updates* sa mga dokumento ng Provincial Government of Oriental Mindoro/ Department of Public Works and Highways (DPWH) tungkol sa pagpapatayo/ pagpapagawa ng Tourist Rest Area and Souvener Stop (TRASS) na nasa loob ng NLNP **John Albert M. Barcelona**	Iprinesenta ni APASu Fontanilla ang mga dokumentong naipasa sa PAMO kasama ang mga ulat mula sa mga nag-inspeksyon ng lugar. Napag-alamang din na ito ay tituladong lupa. Tinanong ni G. Carreon ang tungkol sa sertipikong inilabas ng Barangay Batongdalig dahil ang nakalagay dito ay "*Rehabilitation of Tourist Rest Area and Souvenir Stop*" na kung saan ang pinaabrubahan ay "*Construction of Tourist Rest Area and Souvenir Stop*". Sinagot naman ito ni G. John Albert Barcelona ng DPWH na ang unang naprubahan ay *rehabilitation* na noong nagkaroong ng inspeksyon sa lugar ay hindi pasado at madaming nakitang problema sa lugar at isa na dito ay madaming kinakailangang tambak sa lugar. Dagdag pa ni G. Carreon na kapag sinabing *rehabilitation* ay mayroong *existing facility* na ang totoo ay wala pa naman ang TRASS. Dapat ang nakalagay sa sertipikasyon na galing sa Barangay ay dapat "*Construction of Tourist Rest Area and Souvenir Stop*" at hindi ang *Rehabilitation of Tourist Rest Area and Souvenir Stop*" na kung saan dapat parehas sa pinaaprubahang titulo sa PAMB.	Magkakaroon ng *site inspection* ang PAMO at magpapagpasa ng *assessment report* tungkol dito sang-ayon sa suhesiyon ni Bb. Alcañices. Dagdag ni G. Carreon na iintayin ang *staff* mula sa DPWH para Samahan ang PAMO sa pag-*inspect* ng lugar.

		Dagdag ni G. Barcelona na papapuntahin sa PAMO ang taga *Planning and Design* upang ipaliwanag ang nangyari tungkol dito. Dahil ayon sa kanya, sila ang *implementor* na kung saan ay sa *construction* na ng proyekto. Pinangalawahan naman ni Bb. Diamante ang naging komento ni G. Carreon tungkol sa titulo ng proyekto. Tinanong din niya na kung mayroon ng nagaganap na *construction* sa lugar. Sinagot naman ni G. Barcelona ang katanungan ni Bb. Diamante na nagkaroon na sila ng pagtambak sa lugar pero wala pa naman *infrastructure* na ginagawa. Dagdag ni Bb. Diamante, dapat ay wala pa talaga silang konstruksyon na ginagawa sa lugar dahil wala pa silang *permit* galing sa *Board.* Dahil sa ginagawa nila ay mayroon ng *disturbance* sa kalikasan at para sa kanya, ito ay isang *violation* na. Suhestiyon niya na magkaroon ng aksyon ang DENR tungkol dito dahil nagkaroon na ng *earth moving* sa lugar ng wala pang *permit*. Dagdag pa niya, dahil ang sertipikasyon ay na-*issue* noong Hunyo taong 2023 at dahil sa Barangay *election*, kung parehas pa rin ba na sumasang-ayon ang mga opisyal ng Barangay sa gagawing proyekto sa loob ng kanilang Barangay. Ayon naman kay APASu Fontanilla patungkol sa katanungan ni Bb. Diamante sa aksyon ng DENR, nakapagbigay ng letter ang DENR para ipatigil ang mga ginagawa sa lugar. Dagdag pa niya ang Provincial Tourism ang tumanggap ng sulat na ito na kung saan ang sabi ng Tourism ay dapat na mabigyan ng sulat ay ang DPWH. Ang sulat ay muling ipapadala sa DPWH kapag ito ay nailabas na. Ayon pa rin kay APASu Fontanilla na nasabihan na niya si G. Barcelona na ipatigil muna ang mga *activity* ginagawa nila.	

		Dagdag ni Bb. Diamante na sana ay masabihan ni G. Barcelona na nais ng DENR at PAMB na matigil muna ang ginagawa sa lugar hangga't wala pa ang *permit*. Sa pananaw ni G. Barcelona na ang mga nakapirma sa sertipiko ay hindi lamang taga Barangay LGU pati na rin ang mga residente malapit sa lugar ay siguro *cover* na ito ng nailabas na sertipikasyon. Dagdag pa ni Bb. Diamante na napansin niya ng labing-isa (11) lamang ang nakapirma na dito. Tanong niya na kung ito na ba ang *majority* ng residente sa lugar. Ayon naman kay G. Barcelona ang lugar na pagtatayuan nito ay kakaunti lamang ang mga residente sa palibot kung kaya't kakaunti rin lamang ang nakapirma dito. Tinanong muli ni Bb. Diamante ang PAMO kung wala ba maapektuhan sa baba ng *contruction* kapag nagkaroon ng paggalaw ng lupa sa taas. Sagot naman ni PASu Natividad na sa palibot ng *construction* ay kakaunti talaga ang mga bahayan at nasa kabilang panig lamang ang mga bayahan na mayroon pagitan na 100 meters. Dagdag pa niya na ibe-*verify* ng PAMO ang mga pangalan na nakapirma sa sinumeteng sertipikasyon. Itinanong din ni Bb. Alcañices kung nagkaroon na ng *inspection* ang PAMO o ang PAMB sa lugar. Hiling niya na magkaroon ng *assessment report* para makita at malaman din ng PAMB.	
3	Presentasyon ng mga kinakailangang dokumento at pag-apruba sa kahilingang mabigyan ng PAMB Clearance ang pagtatayo ng opisina ng Department of National	Ipinakilala ni APASu Fontanilla ang magpripresenta ng adyendang ito na si G. Richard Carandang. Nabanggit ni APASu Fontanilla ang mga dokumentong naisumete ng DND sa PAMO at ang kulang ay ang *autheticated copy of land title* para makita kung anong taon	Pagpasa muli ng malinaw at *authenticated copy* ng titulo ng lupa bago ang susunod na pagpupulong.

	Defense sa loob ng NLNP **Richard Carandang**	ibinigay ang titulo. Napansin din niya na kung sino ang mga nakapirma sa sertipikasyon ay siya ring nakapirma sa *Community Consultation.* Hiling ni G. Carreon na sana kung sino ang malapit sa pagtatayuan ng opisina ay siyang pipirma sa *Community Consultation* para malaman kung makakaapekto ba ito o hindi sa mga residente. Ipinaliwanag ni G. Carandang na kaya taga Barangay LGU din ang nakapirma sa *scooping* ay dahil iilan lamang ang bahayan na malapit dito sa lugar. Naitanong din niya ang tungkol sa babayarang *administrative fee.* Sinagot naman ito ni APASu Fontanilla na sang-ayon sa DAO 2007-17 o ang polisiya ukol sa *Special Uses within Protected Areas* (SAPA), ₱ 5,000.00 ang application fee. Dahil ang proyekto ay para sa gobyerno rin at ang kinatatayuan ng gusali ay titulado, ito ay pag-uusapan muli sa susunod na pagpupulong.	
	Iba pang pag-uusapan:		
1	Presentasyon ng kahilingan ng PAMB *Clearance* ni G. Jyryx Bagui para sa aplikasyon ng nakatayong *Gas Refilling Station* sa Barangay Sto. Domingo, Socorro **G. Jyryx Bagui**	Tiningnan ni APASu Fontanilla ang mga dokumentong dala ni G. Bagui kung ito ay kumpleto na, ngunit marami pa ring dokumento ang kulang at kailangan ng PAMO upang makapagpatuloy o mapag-usapan ito sa PAMB. Humiling si G. Bagui na bigyan siya ng mas mahabang panahon upang makumpleto ang mga kulang na dokumento. Nilinaw din ni APASu Fontanilla na magbabayad ang *proponents* sa *IPAF Collecting Officer* kapag naipasa na lahat at naprubahan ng *Board.*	Napagkasunduang maipasa ang mga kakulangang dokumento bago dumating ang susunod na pagpupulong upang matalakay muli ito. Mga Naipasang dokumento: - *Brgy. Resolution* - *Proof scooping/ community consultation* - *Project Description* Kulang na dokumento: - *Letter of Intent* - *Authenticated copy of title* - kopya ng mga IDs
2	Thesis proposal Presentation titled of "*Paraiso Socorro a Naujan Lake National*	Ipinakilala ni APASu Fontanilla ang *5th year Architecture Student* na si Bb. Elaine Balay kasama ang kanyang *Thesis Adviser* na si G.	Iminungkahi ni Bb. Diamante na mabigyan ng dokumentong kinakailangan ni Bb. Balay

	Park Development a Recreational and Educational park" **Bb. Elaine Balay**	Kirby Mercado upang ipresenta ang kanyang gagawing *thesis* na may kinalaman sa Naujan Lake National Park sa pamamagitan ng isang *powerpoint presentation.* Ipinaliwanag din ni APASu Fontanilla na lahat ng gagawing project sa loob ng NLNP ay kinakailangan dumaan o mapag-usapan ng PAMB upang magkaroon din ng kaalaman ang *Board* sa mga proyektong mayroon sa NLNP. Sinimulan ni Bb. Balay ang presentasyon sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na kung ano ang kanyang *thesis project.* Pinasalamatan ni G. Carreon ang naging presentasyon ni Bb. Balay. Humingi siya ng mga komento mula sa kanyang mga kasama at bilang panimula naitanong din niya kung ano ang mga aktibidad na gagawin sa PA. Ayon kay Bb. Balay, ito ay ang mga *recreational, playground, camping site, picnic site* at *educational theater.* Nilinaw naman ni G. Carreon na kung magkakaroon sila ng site visitation sa lugar kung saan nais mailagay ito. Dagdag pa niya na konsepto lang ang iprinesenta at wala pa talagang proyekto na gagawin. Dagdag ni Bb. Balay na magkakaroon pa rin sila ng surbey kasama ang LGU Socorro, ang probinsya at iba pang makakatulong sa pagbuo ng kanyang *proposal.* Pagtatama ni Bb. Marilyn M. Alcañices na mayroong 21,655 hectares ang NLNP at hindi 8,125 na kung saan, ang bilang na ito ay kumakatawan lamang sa kabuuan ng mismong katubigan ng lawa. Pinuri din niya ang mga *activity* na gagawin ni Bb. Balay sa NLNP ngunit naitanong din niya kung lahat ng nabanggit niyang *activity* ay mag kakasya sa area na 1,500 sqm. Dahil ayon sa kanya na maaring makatotohanan ito pero masyadong siksikan ang mga gagawing *activity* sa ganong kaliit na sukat ng lupa. Dagdag pa niya na baka maging	para sa kanyang ginagawang *thesis project* sa NLNP at pinangalawahan naman ito ni Bb. Alcañices. Hiling ni Bb. Alcañices na makapagbigay ng kopya sa PAMB ng mga ginagawang *proposal* sa loob ng NLNP.

		conflict ang mga ito sa proyektong gagawin ng probinsya. Suhestiyon niya na ikalat sa loob ng NLNP ang mga gagawing *activity* at i-*harmonize* sa *tourism plan* ng bawat paglalagyan na LGU dahil ginagawa ang ganitong proyekto para makapagrelax pero kung masyadong *congested* ang lugar, hindi rin nakakapagrelax. Ayon naman kay Bb. Balay na maliit nga ang lugar para sa mga *activity* kung kaya't gagawin nila kaya nag*propose* muli siya upang magkaroon ng *expansion* na 5 ektarya. Dagdag pa niya na ang lugar na prinopose na para sa *expansion* ay hindi rin ginagamit at nagkaroon na rin sila ng pagpupulong ni RGV dahil ito ang may-ari ng lupa. Dagdag pa ni Bb. Alcañices na lagyan niya ng *mitigating measures* ang kanyang papel na kung saan makikita kung papaano ang *conservation* ng lugar dahil ito ay *ecotourism activity.* Kahit pa ito ay nasa MUZ dapat pa rin ipakita kung paano i-*conserve* ang lugar. Pinasalamatan at pinuri ni Bb. Grace Diamante ng MBCFI ang naging presentasyon ng konsepto ni Bb. Balay. Ayon sa kanya, sumasang-ayon siya sa mga nabanggit na suhestiyon ni Bb. Alcañices para sa kanyang *proposal.* Dagdag niya na maisama ang *green infrastracture* sa kanyang *architectural design.* Isa pa ay mayroon ding ganitong proyekto ang probinsya na doon din ilalagay at ito ay ang *Wetland Center.* Nais niya na magkaroon ng *harmonization* sa pagitan nila upang magkaroon ng *ownership* ng *design* lalo na at kung mayroong *mitigating measure* at *green infratracture* ang *proposal*. Nilinaw din niya na ang presentasyon na ito ay para lang sa konsepto at hindi para sa *construction*. Pinaalalahanan din niya na maging maingat sa pagdating sa usaping lupa at lalo na ito ay pribadong pag-aari.	

		Ayon naman kay G. Kirby Mercado, *thesis adviser* na aprubado na ang *thesis title* sa mga *Architects* at ang ginagawa na ngayon ang pagkakalap ng mga detalye at pag-*analyze.* Dagdag pa niya na kung mayroon ng NLNP *Management Plan* ay yun ang nais nilang mahingi sa *Board* para sa *thesis project* ni Bb. Balay. Dagdag pa niya na pinag-uusapan ng mga *architect advisers* at *student* ang mga dapat at hindi dapat na gawin sa kanilang magiging proyekto sa hinaharap. Hiling ni G. Estrada na magkaroon ng kopya ang PAMB sa gagawin niyang thesis para magkaroon ng *data* ang PAMB. Sagot naman ni G. Mercado na mayroon namang gagawing presentasyon ay yun na lamang maging basehan ng PAMB at hindi lahat ng *data* ay ibibigay dahil mayroong sinusunod na panukala at iyon ay pagmamay-ari ng *student.* Dagdag ni G. Carreon na mayroong *Ecotourism Development Plan* ang NLNP kung kaya't humihingi ang PAMB kopya ng *thesis* ay para mai-*check* kung ano ang mayroon sa NLNP. Ayon kay G. Mercado na iniiwasan nilang makopya ng disenyong ginagawa ng mga estudyante dahil madami na sa ngayon na ganoon ang nangyayari kung kaya't ang mga *Architect Adviser* ay gustong protektahan ang mga ito. Dagdag pa niya na maaari naman nilang i-*present* muli ang konsepto ni Bb. Balay sa susunod na *semester.* Dagdag pa ni G. Estrada na ang PAMB na mismo ang magpre-*preserve* ng *rights,* na si Bb. Balay mismo ang may-ari ng konseptong ito. Sabi pa ni G. Mercado na *willing* silang mag-*present* harapan sa susunod na pagpupulong ng PAMB.	
3	**Tigbao High School**	Nagbigay ng impormasyon si APASu Fontanilla tungkol sa Tigbao High School na kung saan napapaloob bilang *Barrio School Site* sa Barangay Montelago,	Pag-uusapan muli sa susunod na pagpupulong ang usaping ito upang mairekomenda ang pinakaangkop na gawin.

		Naujan. Ito ay base sa *data* ng DENR ngunit ang lugar na ito ay may *claimant* at may mga tanim. Dagdag pa niya na mayroong *existing buildings* ang paaralan doon. Dagdag pa niya na magkakaroon na sana ng pirmahan sa harap ni Mayor na pumayag na mag-*extend* ang paaralan na kung saan magdadagdag ng *classrooms* ngunit hindi natuloy ang kasunduan dahil hindi pumayag ang may-ari ng lupa. Kung kaya't lumapit ang dating punongguro ng Tigbao High School na mabigyan ng *tenurial instrument* ang *school* upang kapag nagbaba ng proyekto ang DepEd ay mabigyan sila dahil titulo ang unang hahanapin sa paaralan. Dagdag pa niya na base sa *mandates* ng DENR, ayon sa SAPA at Non-SAPA at dahil ito ay paaralan at *government to government,* ang magiging opsyon nila ay magkaroon ng *Memorandum of Agreement (MOA).* Dahil ayon sa Biodiversity Management Bureau (BMB) magbababa ng panibagong polisiya tungkol dito at maaaring MOA na lamang ang hihingin kapag ang gagamit ng *resources* ay *government* din. Ngunit hanggang ngayon ay wala pa ring binababa ang BMB. Nabanggit din niya na ayon kay CENRO Rodel Boyles na maaaring magkaroon ng resolusyon ang PAMB para magkaroon ng MOA ang Tigbao High School at ang DENR para sa *operations* ng paaralan para may panghawakan sila.	
4	**Propose area of Barangay Urdaneta, Victoria as a planting site and Bird-watching site**	Nagbigay ng kaunting impormasyon si APASu Fontanilla tungkol sa kahilingan ng Barangay Urdaneta. Ayon sa kanya, ang PAMO ay nagkaroon na ng *site visit* sa lugar na pagtataniman. Dagdag pa niya na ang lugar na ito ay pinagtataniman na rin ng mga pribadong kompanya katulad ng VODATCO. Binanggit din ni APASu Fontanilla ang *proposed* na pagtatayo ng *tower* ng Barangay Urdaneta na kung saan napag-usapan na ito noong 2021 at	Pag-uusapan sa susunod na pagpupulong at isasaayos ang mga kailangang dokumento ukol sa mga usapin.

		ang kulang na lamang ay kung saan itatayo ito.	

Suhestiyon ni Bb. Bea Natasha Fortu ng DENR-PENRO na magkaroon ng *black-and-white* ang mga *proponents* lalo na ang DND at TRASS para makapag-*comply* sila ng mga kulang na dokumento dahil pansin niya na lagi na lamang ito napag-uusapan at hanggang ngayon ay kulang pa rin ang mga dokumentong naipapasa nila. Dagdag pa niya na ilagay sa sulat ang mga dokumentong kulang at makapagpasa bago mag *en banc* at makapag*proceed* na sa *development.*

Pinasalamatan ni G. Carreon ang suhestiyon ni Bb. Fortu at pinatunayan na nakuha ng PAMO ang kanyang suhestiyon.

D. Adjournment

Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-12:35 ng hapon sa pamamagitan ng mungkahi ni Bb. Grace C. Diamante ng MBCFI na pinangalawahan ni Bb. Marilyn Alcañices.

Inihanda ni:

KATHLEEN JANE R. LUGTU
Forest Technician I
Kasaping Tagatala ng PAMB

Sinuri at pinatutotohanan ni:

RICARDO R. NATIVIDAD
PASu, NLNP
Punong Tagatala ng PAMB

Pinatunayan ni:

LORENZO F. CARREON, II
MPDC, MLGU Pola
Tagapanguna

Pinagtibay ni:

FELIX S. MIRASOL, JR
OIC, Regional Executive Director
DENR-MIMAROPA Region
Ang Punong Lupon ng PAMB

Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet
4th PAMB EXECUTIVE COMMITTEE MEETING
October 25, 2023
PAMB MEMBERS

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
1	LORENZO F. CARMELO Jr	✓		MPDC	POLA	0976-0758814	(signed)
2	JOSEHARI M SACRAPIN	✓		OIC-CAPTURE	BFAR	09190062216	(signed)
3.	VICTOR R. ESTRADA JR	✓		PCO	DWCC	09979443503	(signed)

Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet
4th PAMB EXECUTIVE COMMITTEE MEETING
October 25, 2023
RESOURCE PERSON/S, VISITORS AND SECRETARIAT

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
1.	Marcelino G. Santos Jr.	✓			Naujan Or. Mindoro	09278649962	[signature]
2.	Reymar M. Malapote	✓			Nag-ibon Cal. City	09107028668	[signature]
3.	BEA NATASHA FORTU		✓	FOR II	PENRO - CALAPAN CITY		[signature]
4.	JYRYX BAGUI	✓				09171354258	[signature]
5.	RICARDO R GATIOLLAN	✓		[illegible]	[illegible] PAMO		[signature]
6.	MELVIN C. TUNGOL		✓	PSS	CENRO [illegible]	0936 983 3164	Melvin C. Tungol
7	Kathleen Jane R. Lugtu		✓	FT 1	CENRO Socorro	09674193744	[signature]
8	JOSE MARIA M. FONTANILLA	✓		ECOMS II	"	09918098514	[signature]

Departm[illegible]Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet
4th PAMB EXECUTIVE COMMITTEE MEETING
October 25, 2023
PAMB MEMBERS
ZOOM ATTENDEES

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
1.	GRACE C. DIAMANTE		✓	EXECUTIVE DIRECTOR	MBCFI		ZOOM
2.	LYDIA MINECA R. MELGAR		✓	PPDO	CALAPAN CITY		ZOOM
3.	MARILYN M. ALCANTICO		✓	PAGO	CALAPAN CITY		ZOOM

Departme[illegible]Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet
4th QUARTER PAMB EXECUTIVE COMMITTEE MEETING
October 25, 2023
ZOOM ATTENDEES

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
1.	MA JOHANNA ENGADO		✓		MBCFI		ZOOM
2.	KIMBERLY ANN T. PILONGO		✓		NEDA		ZOOM
3.	DEAN ANGELO MOLINA	✓			DENR MIMAROPA		ZOOM
4.	ELAINE BALAY		✓	STUDENT	DWCC		ZOOM
5.	KIRBY MERCADO	✓		TEACHER	DWCC		ZOOM
6.	RICHARD CARANDANG	✓			OFFICE OF CIVIL DEFENSE		ZOOM
7.	JOHN ALBERT M. BARCELONA	✓			DPWH		ZOOM

August 14, 2023

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
DENR MIMAROPA
Regional Executive Director

Thru: **RODEL M. BOYLES, CENR Officer**
Socorro, Oriental Mindoro

Subject: Letter of Intent for Santos Gas Refilling Station Business

To whom it may concern,

I am writing this letter to express my intent to operate a Gasoline Refilling Station. Our objective is to operate in a manner that protects and preserve the environment, benefits the local community through competitive pricing, and complies with all DENR regulations.

We assure you that we will strictly comply with all the DENR regulations, policies, and guidelines. We are prepared to undergo inspections and assessments to ensure our operations meet the highest standards.

We appreciate your consideration of our letter of intent. We look forward to discussing our plans in more detail and obtaining your approval for the establishment of Santos Gas Refilling Station. Please feel free to contact us at *0927-864-9862* or *mgsmarcy@gmail.com* for any further information needed.

Thank you for your attention.

Sincerely,

MARCELINO G. SANTOS JR.
Santos Gas Refilling Station Proponent

August 17, 2021

Ako si REMIE F. ALLANIC nakatira sa SITIO 5 BRGY LAGUNA, kapitbahay ni Marcelino C. Santos ay hindi tumututol sa kanilang negosyong Gas Refilling station.

[signature]
REMIE F. ALLANIC
BH.W

[signature]
BERNARDINO H. LACIDA SR.

ED

UNOFFICIAL
LAND REGISTRATION AUTHORITY
CERTIFIED TRUE COPY VERIFICATION FOR
UNOFFICIAL COPY

JUDICIAL FORM NO. 109
(Revised)

Book T- 145
Page 121

No. 138732

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MINISTRY OF JUSTICE
NATIONAL LAND TITLES AND DEEDS REGISTRATION ADMINISTRATION
(Land Registration Commission)

REGISTRY OF DEEDS FOR THE ....

Transfer Certificate of Title

No. T - 28621

IT IS HEREBY CERTIFIED *that certain land situated in the* Municipality of Naujan, Province of Or. Mindoro, Philippines. *bounded and described as follows:*

A parcel of land (Lot 1-A of the subd. plan Psd-04-012394, being a portion of Lot 1, LR C Pcs-6310, LRC Rec. No.), situated in the Bo. of Bancuro, Mun. of Naujan, Province of Or. Mindoro. Bounded on the N., along line 1-2 by Butas River(10.00 m. wide) on the E., & SW., along line 2-3-4 by Lot 1-B of the subd. plan; on the W., along line 4-1 by Lot 2 LRC Pcs-6310. Beginning at a pt. marked "1" on plan, being S. 86 deg. 39'E., 1430.82 m. from BLLM No. 55, Naujan Cad., thence S. 79 deg. 45'E., 32.48 m. to pt. 2; thence S. 4 deg. 53' W., 61.83 m. to pt. 3; thence N. 45 deg. 19'W., 41.21 m. to pt. 4; thence N.

*is registered in accordance with the provisions of the Property Registration Decree in the name of**

Sps. MARCELO SANTOS and REBECCA CAPOTE, both of legal age, Filipinos and residents of Naujan, Or. Mindoro, Philippines.-

as owner thereof in fee simple, subject to such of the encumbrances mentioned in Section 44 of said Decree as may be subsisting, and to subject to a two (2) year period pursuant to Section 4, Rule 74 of the Rules of Court.-

IT IS FURTHER CERTIFIED *that said land was originally registered on the* 5th & 7th *day of* May *, in the year nineteen hundred and* thirty-two *, in the Registration Book of the Office of the Register of Deeds of* Or. Mindoro *, Volume* T-2020 *page* ...... *, as Original Certificate of Title No.* ~~4276 & P-1889~~ *pursuant to Decree No.* 477459 & 477338 *issued in L. R.* ~~Case No. 2 & 9~~ *Record No.* 921 *, in the name of* ....

This certificate is a transfer from Transfer *Certificate of Title No.* RT-81(T-27281)T-102 *, which is cancelled by virtue hereof in so far as the above-described land is concerned.*

Entered at Calapan, Or. Mindoro *Philippines, on the* 5th *day of* March *in the year nineteen hundred and* eighty-five *, at* 9:02 a. m.

ATTEST:

RAMON G. GARCIA
Actg. *(Register of Deeds)*

Naujan, Or. Mindoro, Philippines.-
(Owner's postal address)

*State the civil status, name of spouse if married, age if a minor, citizenship and residence of the registered owner. If the owner is a married woman, state also the citizenship of her husband. If the land is registered in the name of the conjugal partnership, state the citizenship of both spouses.

THE REGISTERED OWNER IS REMINDED TO UPGRADE THE "PAPER TITLE" TO "COMPUTERIZED TITLE" FOR FASTER TRANSACTIONS.

